# Mga Karaniwang Dahilan para sa Mga Desisyon sa Elihibilidad sa FEMA at Paano Iaapela ang mga Ito

**Release Date: Apr 16, 2024**

Kung ikaw ay nag-apply para sa Tulong ng FEMA pagkatapos ng Ene. 21-23, 2024, matinding bagyo at pagbaha sa San Diego, maraming mga dahilan kung bakit ikaw ay hindi naging karapat-dapat:

- **Ikaw ay nagmamay-ari o nagrerenta ng iyong bahay, at ligtas pa ring itong tirahan**— Ang pinsalang dinulot ng sakuna ay hindi nagsanhi sa iyong bahay na hindi ligtas na tirahan. Ang tulong sa pabahay ng FEMA ay maaari lamang maibalik ang iyong bahay sa isang ligtas, malinis at maayos na kondisyon. Ang pinsala sa mga hindi mamahahalagang lugar, tulad ng landscaping ay hindi sakop ng tulong ng FEMA.
  - Kung ikaw ay naniniwala  na mas maraming naging pinsala ang iyong bahay o personal na ari-arian kaysa sa iniulat ng inspektor, ikaw ay maaari magsumite ng isang sulat ng apela na may kasamang pahayag o pagtatantya ng isang kontratista, isang pahayag o pagtatantya ng mekaniko, isang pahayag mula sa isang lokal na opisyal, o mga resibo para sa mga gastos na dinulot ng sakuna. upang ipaliwanag kung bakit ang ibang halaga ng grant ay maaaring kailangan.
  - Kung ang pinsala sa iyong ari-arian ay hindi sanhi ng Ene. 21-23, 2024, matinding bagyo at pagbaha, kung gayon ang iyong bahay ay maaaring ituring na ligtas na tirahan at ikaw ay hindi magiging karapat-dapat para sa tulong.
- **Hindi ka namin makontak —** Ang inspeksyon sa bahay ay isang mahalagang hakbang sa proseso ng tulong ng FEMA. Tulungan ninyo kaming panatilihing gumagalaw ang iyong aplikasyon sa pamamagitan ng pag-iskedyul ng iyong inspeksyon. Maaaring magmula sa hindi kilalang numero ang mga tawag sa iskedyul, dapat mong sagutin ang mga tawag na iyon. Kung hindi mo nasagot ang mga tawag at mensahe, tawagan ang Helpline ng FEMA sa 800-621-3362 upang i-update ang iyong impormasyon at ipaalam sa amin na kailangan mo pa

rin ng tulong. Ang mga Home Inspector ay gumagawa ng higit pa sa pagtingin sa pinsala ng iyong bahay, maaari nilang i-verify ang pagmamay-ari, ang iyong pagkakakilanlan, at maaaring may makakitang mga karagdagang bagay sa iyong bahay na potensyal na makukuha para sa tulong.

- **Kailangan namin ng mas higit pang impormasyon** mula sa iyo. Maaaring kasama sa impormasyong ito:
  - katibayan ng saklaw ng seguro
  - kopya ng isang dokumento sa kabayaran ng claim sa seguro
  - katibayan ng pagkakakilanlan
  - katibayan ng paninirahan
  - katibayan ng pagmamay-ari at/o
  - katibayan na ang nasirang ari-arian ang iyong pangunahing tirahan sa panahon ng sakuna.
- **Hindi mo gustong lumipat mula sa iyong bahay, o hindi mo kailangang manatili sa ibang lugar habang ginagawa ang mga pagkukumpuni**— Kung sinabi mo sa FEMA na hindi mo gustong umalis sa iyong bahay habang ginagawa ang pagkukumpuni, hindi kami makakapag-alok ng tulong pinansyal para lumipat ng tirahan. Kung magbago ang iyong sitwasyon, makipag-ugnayan sa FEMA upang i-update ang iyong aplikasyon.
  - **Mga nangungupahan:** Kung ikaw ay nakatira sa isang apartment at hinihiling ng may-ari  na ikaw ay umalis upang maisagawa ang pagkukumpuni sa apartment o gusali, tawagan ang Helpline ng FEMA sa 800-621-3362 at i-update ang iyong estado. Ikaw ay maaaring maging karapat-dapat para sa tulong**.**

### Paano Ako Mag-aapela?

Ang apela ay ang iyong pagkakataon na bigyan kami ng higit pang impormasyon o ipaliwanag kung bakit hindi ka sumasang-ayon sa aming determinasyon. Para mag-apela, sumulat sa amin ng isang sulat sa loob ng 60 araw pagkatapos matanggap ang iyong sulat ng determinasyon. Isama ang anumang impormasyon na hinihiling. Gayundin, siguraduhing isama ang:

- Iyong buong pangalan, kasalukuyang address at ang address ng nasirang tirahan.
- Iyong 9-digit na numero ng rehistrasyon ng FEMA (matatagpuan sa taas ng bawat pahina ng iyong sulat ng determinasyon).

- Anumang makabuluhang dokumentasyon na sumusuporta sa iyong kahilingan, tulad ng mga pagtatantya ng kontratista, mga tseke sa renta, sulat ng seguro, mga ulat ng inspeksyon, mga larawan ng pinsala o mga resibo.
- Numero ng deklarasyon ng kalamidad ng FEMA, DR-4758-CA sa bawat pahina.
- Iyong lagda at ang petsa.

Mayroong apat na paraan para isumite ang iyong sulat ng apela at mga sumusuportang dokumento:

- **Koreo:** FEMA — Individuals & Households Program National Processing Service Center**,** P.O. Box 10055, Hyattsville, MD 20782-8055.
- **Online:** Piliian ang link na DisasterAssistance.gov upang bumuo ng account kung saan ikaw ay maaring mag-upload ng mga dokumento.
- **Fax:** I-fax ang iyong sulat ng apela at mga sumusuportang dokumento sa 800-827-8112, Attention: FEMA — Individuals & Households Program.

FEMA provides financial assistance to eligible individuals and households affected by a disaster who have uninsured or underinsured disaster-related expenses. FEMA assistance is not the same as insurance. Also, FEMA assistance is not intended to return your home to its pre-disaster condition, it is intended to help make your home safe and habitable.

Kung ikaw ay mayroon mga tanong tungkol sa sulat sa iyo ng FEMA o sa proseso ng apela, bisitahin ang isang Disaster Recovery Center o tawagan ang Helpline ng FEMA sa 800-621-3362 7 n.u. hanggang 10 n.g. araw-araw. Kung gumagamit ka ng serbisyo ng relay gaya ng serbisyo ng video relay, serbisyo ng teleponong may caption o iba pa, ibigay sa FEMA ang iyong numero para sa serbisyong iyon kapag nag-apela ka.

Mayroong mga multilingual operator para sa mga nakaligtas. Kapag tumawag ka sa Helpline ng FEMA sa 800-621-3362, hihilingin sa iyo sa English na pindutin ang 1 para sa English, 2 para sa Espanyol at 3 para sa iba pang mga wika. Kung hindi mo pinindot ang 1, 2 o 3, at maghintay sa linya, isang operator na nagsasalita ng Ingles ang sasagot at ikokonekta ka sa isang tagasalin ng wika upang tulungan kang mag-apply para sa tulong pederal.

Ang deadline para mag-apply para sa tulong ng FEMA ay Abril 19, 2024. Ang FEMA ay patuloy na tatanggap ng mga apela at tutulungan ang mga aplikante sa mga tanong pagkatapos ng deadline.

Para sa pinakabagong impormasyon ng FEMA sa Enero 21-23, 2024, matinding bagyo at pagbaha ng San Diego County, bisitahin ang www.fema.gov/disaster/4758.

###

*Ang misyon ng FEMA ay ang pagtulong sa mga tao bago, habang, at pagkatapos ng mga sakuna.*

*Ang lahat ng tulong sa sakuna ng FEMA ay ibibigay nang walang diskriminasyon sa batayan ng lahi, kulay, kasarian (kabilang ang sekswal na panliligalig), oryentasyong sekswal, relihiyon, bansang pinagmulan, edad, kapansanan, limitadong kasanayan sa Ingles, o katayuan sa ekonomiya. Kung naniniwala kang nilabag ang iyong mga karapatang sibil, maaari kang tumawag sa linya ng Civil Rights Resource sa 833-285-7448 (TTY 800-462-7585). Ang mga gumagamit ng isang relay service tulad ng isang videophone, InnoCaption o CapTel ay dapat i-update ang FEMA gamit ang kanilang partikular na numero na itinalaga sa serbisyong iyon. Magagamit ang mga multiplayer operator (pindutin ang 2 para sa Espanyol).*